# Mga Instruksiyon ukol sa Pagte-testing sa Bahay para sa COVID-19

Ang aktibong pagte-testing para sa COVID-19 ay makapipigil sa pagkakalantad, malawakang hawaan ng sakit, at hindi kinakailangang pagliban sa klase sa paaralan. Sundin ang mga sumusunod na hakbang na ito:

## **Hakbang 1:** Maghanda para sa pagte-testing

Makatatanggap kayo ng kahon ng COVID-19 Rapid Antigen Tests na magagamit sa bahay. Naglalaman ang bawat kahon ng test kit ng isa o dalawang COVID-19 Rapid Antigen Tests. Nag-iiba-iba ang brand ng test kit at gayon din ang petsa ng pagkawala ng bisa. **HUWAG paghiwalayin ang test kits para gamitin sa dalawang tao.**

## **Hakbang 2:** Planuhin ang araw ng pagte-test:

**Magplano upang UNANG magagamit ang test kit na may pinakamaagang petsa ng pagkawala ng bisa. Ang TEST KIT ay magagamit para sa:**

- Pagbabalik sa paaralan matapos ang bakasyon sa Taglagas, Taglamig o Tagsibol, o sa mahahabang weekend, tulad ng Araw ng Paggawa (Labor Day), Araw ng Katutubo (Indigenous People's Day), Araw ni Martin Luther King Jr, o Araw Batay sa Kalendaryo ng Buwan (Lunar New Year).
- Kapag nagkasakit ang inyong estudyante nang may mga sintomas (tulad ng ubo at lagnat), **MANATILI SA BAHAY** at gamitin ang inyong mga test upang malaman kung COVID-19 nga ito.
- Kung nalantad ang inyong estudyante sa indibidwal na may COVID-19, agad na gamitin ang test kung nagkaroon siya ng sintomas o sa ika-5 araw o matapos ito, kapag hindi siya nagkaroon ng sintomas. HINDI kailangang manatili sa bahay ng inyong estudyante kung wala siyang sintomas.
- Upang makabalik sa paaralan mula sa pagbubukod matapos ang 5 araw at negatibong test.
- Kapag nakatanggap kayo ng memo ukol sa group tracing (pag-aabiso sa pangkat na nalantad sa virus) mula sa paaralan ng inyong estudyante.

Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa mga payo ng SFDPH ukol sa pagte-testing sa bahay: sfcdcp.org/athomecovidtest

## **Hakbang 3:** Ibahagi ang resulta ng inyong pagte-test (hindi kinakailangan pero mahigpit kayong hinihikayat na gawin ito)

**Kung malubha ang sakit ng inyong anak: tumawag sa 911, pumunta sa emergency room, o tawagan ang inyong doktor.**

- Bisitahin ang https://home.color.com/covid/self-reporting upang ibahagi ang mga resulta ng inyong test
- Kung wala kayong account sa Color, pumunta sa www.sfusd.edu/SetUpColorAccount upang malaman kung paano makalilikha nito.
- Kailangan ninyo ang student number ng inyong anak para maisama ito sa inyong account sa Color.

## **Hakbang 4:** Para maintindihan ang mga resulta ng inyong test

Bisitahin ang www.sfusd.edu/when-someone-gets-sick upang malaman pa ang tungkol sa mga dapat sundin para sa kalusugan at kaligtasan ayon sa SFUSD

### NEGATIBO BA ANG TEST NINYO?

**Kung maayos naman ang pakiramdam ninyo** at wala kayong mga sintomas ng COVID-19, bumalik na sa paaralan.




**Kung may sintomas kayo at nagkaroon kayo ng kontak sa indibidwal na may COVID-19**, pakitawagan ang inyong paaralan bago kayo bumalik sa klase - kahit na negatibo ang inyong test. Posibleng kailangan ninyo ng karagdagang pagte-testing.

### POSITIBO BA ANG TEST NINYO?

Manatili sa bahay at **ibukod ang sarili** sa loob ng hindi bababa sa 5 araw. Puwede na kayong bumalik sa paaralan sa ika-anim na araw kung negatibo ang resulta ng eksamen ninyo sa ika-limang araw o matapos ito.
**I-ulat ang mga resulta ng inyong test:** Tawagan ang **paaralan ng inyong anak o ang** 415-660-9850 upang mai-report ang positibong resulta ng test.

### HINDI BA MALINAW ANG RESULTA NG INYONG TEST?

Magpa-test muli sa paaralan o sa lokal na lugar para sa pagpapa-test. Bisitahin ang sfusd.edu/covid19testing para sa iba pang impormasyon, kasama na ang mga lugar at iskedyul ng pagpapa-test para sa COVID-19.

**IBAHAGI ANG MGA RESULTA NG INYONG TEST** I-scan ang Code na ito

Paano kung nagkaroon kayo ng anumang sintomas ng COVID-19 at/o alam ninyong nalantad kayo sa may sakit?
Tumawag sa 415-660-9850 para maiulat ang positibong resulta